

May 15, 2020

Mga magulang ng elementarya at
Junior high school

Hekinan City Lupon ng Edukasyon
Shinkawa Junior high school Principal Sumiya Taketora

Tungkol sa pagdalo sa paaralan sa muling pagbubukas at tanghalian sa paaralan

Taimtim kaming nagpapasalamat sa inyong patuloy na tagumpay. Nais naming magpasalamat sa inyong patuloy na pagsuporta sa Lungsod ng Hekinan.

Sa mga nakaraang araw, upang maiwasan ang pagkalat ng nakakahawang sakit na Bagong Coronavirus, pinahaba namin ang pansamantalang pagsasara ng paaralan hanggang Mayo 31 subalit bilang tugon sa kahilingan ng Aichi Prefectural Board of Education para sa pagpapatuloy ng paaralan, isasagawa namin ang pagpasok at tanghalian sa paaralan para sa mga bata tulad ng sumusunod. Patuloy kaming magbibigay ng edukasyon sa paaralan habang iniwasan ang “siksik” na kapaligiran, hangga`t maaari kahit na pagkatapos mabuksan ang paaralan. Pinahahalagahan namin ang inyong pag-unawa at pakikipagtulungan.

Tandaan

1 Pagpasok sa paaralan

(1) May 21(Thur)~28(Thur):Hahatiin ang klase sa 2 grupo at alternate ang pagpasok sa paaralan tuwing makalawa , 3 oras na klase lang sa umaga (walang tanghalian)

- Ang mga klase ay nahahati sa 2 grupo, A at B, at ang mag-aaral ay alternate na papasok sa paaralan gaya ng ipinapakita sa ibaba.
- Ipapaalam sa inyo ng paaralan ang tungkol sa grupo na A at B

	21(Thur)	22(Fri)	25(Mon)	26(Tue)	27(Wed)	28(Thur)
Paaralan	A	B	A	B	A	B
Aral sa Bahay	B	A	B	A	B	A

(2) May 29 (Fri) : Lahat ng mag-aaral ay may pasok. 3 oras na klase lang sa umaga (walang tanghalian)

(3) Simula sa June 1 (Mon) : karaniwang pagpasok sa paaralan, 1 araw na klase (may tanghalian)

Ang Junior high school ay mayroon na ding aktibidad sa club.

2 Tungkol sa tanghalian sa paaralan

Simula sa June 1 (Mon), may tanghalian sa paaralan para sa lahat ng grado kasama na ang grade

1

3 Tungkol sa bakasyon sa tag-araw

August 8 (Sat) ~August 23 (Sun) 16 na araw na bakasyon

※Gayunpaman, sa July 22 (Wed) plano naming magpatuloy na magbigay ng tanghalian at magtaglay ng isang araw na klase.

Bilang karagdagan, sa July 27 (Mon) ~August 7 (Fri) , August 24 (Mon) ~August31 (Mon) ang tanghalian sa paaralan ay hindi isasagawa at ang mga klase ay gaganapin

sa umaga lamang.

4 At iba pa

- Nakasalalay sa sitwasyon ng lipunan sa hinaharap, maaaring magbago ang oras ng pagbubukas at pagdalo sa paaralan, kaya't mangyaring suriin ang email o ang website ng bawat paaralan.
- Mangyaring sulatan ang nakalakip na papel na “ Sumagot upang maiwasan ang nakakahawang sakit na virus para sa muling pagbubukas ng paaralan” at makipagtulungan sa amin patungkol sa mga pagdalo sa paaralan at mga pagbabago sa pisikal na kalagayan sa paaralan. Sa bahay, hinihiling namin ang patuloy na iwasan ang impeksyon at magbigay ng sapat na tulog at sapat na nutrisyon sa inyong anak upang mapalakas ang kaligtasan sa sakit.